# Sangay sa Baliuag, may bagong tanggapan

**Pinasinayaan ang bagong tanggapan ng St. Martin Coop sa Poblacion, Baliuag, Bulacan noong ika-10 Mayo 2023. Nagdiwang ng banal na misa si Fr. Jess de Silva, pagkaraan nito ay sumunod naman ang ribbon-cutting at blessing.**

Sa kanilang maikling talumpati, binati at pinasalamatan nina CEO Serafin Celestino, Jr., BOD Chairperson Danilo Esteban, at Branch Manager Olive Manuel ang mga bisita sa kanilang presensya. Ipinahayag din nila ang kanilang taos-pusong pasasalamat para sa tiwala at patuloy na suporta ng mga miyembro, na siyang dahilan ng tagumpay ng Kooperatiba.

Nagbigay din ng maikling mensahe si Baliuag Vice-Mayor Madeth Quimpo, na nagbibigay-diin sa gampanin ng mga kooperatiba sa pag-unlad ng komunidad. Dumalo rin sa okasyon ang kinatawan ni Gov. Daniel Fernando at OIC ng PCEDO - Atty. Jayric Amil, CDA Region III Director Marieta Hwang, Fred Martin ng Municipal Cooperative Development Office ng Baliwag, Nida Romulo ng City Cooperative Development Council, Lani Babista ng PCDC, at Erwin Veneracion ng BUFECO.

Sa pagbubukas ng bagong gusali ng opisina nito, umaasa ang St. Martin Coop Baliuag Branch na mapagsilbihan ang miyembro nito nang mas mahusay, mapabuti ang kanilang karanasan sa transaksyon, magdala ng paulit-ulit na negosyo at makaakit ng mas maraming kliyente.





## St. Martin Coop, nagbukas ng sangay sa Muzon

**Pinasinayaan ang pagbubukas ng pinakabagong sangay ng St. Martin Coop (SMTCDC) na matatagpuan sa Muzon, San Jose del Monte City (SJDM) noong Hunyo 8, 2023.**

Nagsimula ang okasyon sa isang banal na misa na pinangunahan ni Fr. Marlon David. Sinundan ito ng ribbon-cutting at blessing na pinangunahan nina BOD Chairperson Dr. Irma E. Cruz, CEO Serafin M. Celestino Jr. at Branch OIC nito na si Regine Dela Cruz na pawang nagbigay ng mainit na pagtanggap sa lahat at nagpahayag ng pasasalamat para sa mga dumalo.

Sa kanyang mensahe, kinilala ni CEO Jon ang napakalaking potensyal ng San Jose del Monte bilang isang mahalagang merkado hindi lamang para sa SMTCDC kundi pati na rin para sa iba pang mga institusyong pinansyal dahil sa malaking populasyon nito. Gayundin, binigyang-diin niya na ang pagtatatag ng sangay ng SMTCDC sa SJDM ay hindi upang makipagkumpetensya, bagkus, kasama ng iba pang mga kooperatiba ay maglingkod sa mga pangangailangan ng mga residente ng SJDM at makibahagi sa responsibilidad ng pamahalaan sa pagpapa-unlad ng komunidad.

Sa pagbubukas ng ika-13 na sangay ng SMTCDC, mas magiging madali na para sa mga residente ng SJDM at mga karatig lugar nito na maging miyembro at makinabang sa mga produkto at serbisyo ng SMTCDC.

## St. Martin Coop, DSWD magtutulungan laban sa kahirapan

Kaalinsabay ng nangyaring Partnership Forum ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) Region III na ginanap sa Max's Restaurant sa Pulilan, Bulacan, nagkaroon ng kasunduan sa pagitan ng St. Martin Coop (SMTCDC) at DSWD noong ika-28 ng Nobyembre 2023.


Layunin ng Kasunduang ito na pataasin ang "access" sa mga programa ng magkabilang organisasyon, magkatuwang na iahon mula sa kahirapan ang mga partner-beneficiaries, at mapabuti ang antas ng pamumuhay ng mga Pantawid Pamilya beneficiaries sa tulong ng SMTCDC.

Ang Memorandum of Agreement ay nilagdaan nina CEO Serafin Celestino, Jr. ng SMTCDC at Provincial Link Josephine Dela Tonga and SWO III Gaudencia M. Tinagan ng DSWD.




SANDIWA
OPISYAL NA PAHAYAGAN NG ST. MARTIN OF TOURS CREDIT AND DEVELOPMENT COOPERTIVE
ST. MARTIN COOP
Helping Uplift Lives, Building Communities
ENERO-DISYEMBRE 2023 BOCAUE, BULACAN TOMO XXVI BILANG I

# St. Martin Coop pinarangalan ng Kongreso


H. Res. No. 330

Republic of the Philippines
Congress of the Philippines
House of Representatives
Metro Manila
Nineteenth Congress
First Regular Session

Begun and held in Metro Manila, on Monday, the twenty-fifth day of July, two thousand twenty-two.

RESOLUTION NO. 48

RESOLUTION COMMENDING THE ST. MARTIN OF TOURS CREDIT AND DEVELOPMENT COOPERATIVE FOR ITS OUTSTANDING CONTRIBUTIONS TO COOPERATIVE DEVELOPMENT AND REMARKABLE ACHIEVEMENTS IN POVERTY ALLEVIATION, ECONOMIC GROWTH, SUSTAINABLE DEVELOPMENT, AND NATION-BUILDING

WHEREAS, in November 1969, with an initial capitalization of Two hundred fifty pesos (P250.00), Reverend Father Sancho Ramos, assistant parish priest of St. Martin of Tours Parish and 15 visionary *Cursillistas* headed by Dr. Antonio Fortuna, organized the St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative (SMTCDC) in Bocaue, Bulacan to help its parishioners attain financial relief and self-reliance particularly the market vendors, sewers and public school teachers;



**Ipinasa ng Mababang Kapulungan ng Kongreso ang isang resolusyon noong ika-7 ng Pebrero, 2023 na kumikilala sa mga natatanging kontribusyon ng St. Martin Coop sa sektor ng kooperatiba at sa mga hakbang na ginagawa nito para maibsan ang kahirapan at patuloy na paglago ng ekonomiya ng ating bansa.**

Sa **Resolution No. 48** na pinamagatang **Resolution Commending the St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative for Its Outstanding Contributions to Cooperative Development and Remarkable Achievements in Poverty Alleviation, Economic Growth, Sustainable Development, and Nation-Building** na isinulong ni Kgg. Felimon Espares, kinatawan ng Coop NATCCO Party-List, binanggit na ang mahusay na pamamahala ng St. Martin Coop at pagsasabuhay sa "Core Values" na sipag, pagiging malikhain, tapat, magalang, pagiging responsable at pagbubuklod ay isang inspirasyon at nararapat na umani ng pagkilala at papuri mula sa mga Pilipino.

Ang pagkilala ay isa na namang dagdag sa dumarami nang mga award na natatanggap ng St. Martin Coop.

## SMTCDC dumalo sa 16th ICA-AP Reg'l Assembly




Dumalo sina BOD Chairperson Dr. Irma Cruz, BOD Vice-Chairperson Herminda Valeriano, St. Martin Coop and NATCCO BOD Member, Atty. Soledad Cabangis at CEO Serafin Celestino Jr. sa ika-16 na International Cooperative Alliance - Asia and the Pacific Regional Forum na ginawa noong Nobyembre 8 - 10, 2023 sa Crowne Plaza Manila Galleria sa Quezon City.

Dinaluhan ito ng higit sa 600 koperatiba mula sa 25 bansa sa buong Asia at Pasipiko.

Isa ang St. Martin Coop sa mga naging host sa ginawang lakbay-aral ng mga delegado mula sa ibang bansa.

Kasama sa ginawang lakbay-aral ang branch tour ng Bunlo Branch/Central Office, audio-visual presentations, pagbabahagi ng best practices, question and answer portion at isang masarap na pananghalian kung saan kasamang inihain ang ilang tanyag na kakanin mula sa Bulacan.

## St. Martin Coop, kinilala ng CLIMBS




Muling nakatanggap ang St. Martin Coop ng parangal mula sa CLIMBS Life and General Insurance Cooperative para sa matibay na suporta nito sa organisasyon at sa pagtulong sa mga miyembro nito na maibsan ang epekto ng climate change.

Dalawang pagkilala ang tinanggap ng St. Martin Coop - Fresh Capital Infusion at Champion for Climate Action na ipinagkaloob sa ika-51 na Annual General Assembly ng CLIMBS Life and General Insurance Cooperative na idinaos noong Abril 26-27, 2023 sa Cagayan de Oro City.



Kasama nina BOD Chairman Dr. Irma E. Cruz at CEO Serafin Celestino, Jr. ang mga panalo na Male at Female Seniors of the Day noong ginanap ang Senior Members' Day, December 9, 2023.

# 2023 Senior Members' Day, napuno ng sigla at saya

Isang hapon na puno ng sigla at saya ang inihandog ng St. Martin Coop sa mga Senior Members nito noong Disyember 9, 2023.

Nagdiwang ng isang Banal na Misa sa pagsisimula ng programa na pinangunahan ni Reb. Pdre. Mar Ladra ng Parokya ni San Martin ng Tours sa Bocaue, na sinundan naman ng ehersisyo, pa-raffle at mga palaro.

Nagkaroon ng libreng medical checkup at nagsalo-salo ang bawat isa sa merienda at hapunan.

Mayroong photobooth na kung saan maaaring magpakuha ng larawan ang mga nakatatanda bilang souvenir, at bawat senior member ay nakatanggap ng mga grocery package bilang regalo.

Dinaluhan ito ng mahigit 700 senior members kung saan napili bilang Male at Female Seniors of the Day sina Ginoong Wilfredo Francisco at Gng. Floredeliza Chongco.

Ang espesyal na araw na ito ay pagpapahalaga at pagpapapangal sa kanilang hindi matatawarang kontribusyon sa ating Kooperatiba.

# Bambang Elementary School, tinulungan sa bagong school clinic



Sa pagtutulungan ng St. Martin Coop at Coop-NATCCO Partylist ay nagkaroon ng bagong gawang school clinic ang Bambang Elementarty School.

Pinasinayaan ito noong ika-16 ng Hunyo 2023, at dinaluhan ng mga kagalang-galang na panauhin, kabilang ang mga kinatawan mula sa St. Martin Coop, Coop-NATCCO Partylist, administrasyon ng paaralan, mga guro at mga magulang.

Nagpahayag ng kanilang taos-pusong pasasalamat sa St. Martin Coop at Coop-NATCCO Partylist para sa kanilang bukas-palad na suporta sa paaralan at sa lokal na komunidad ang administrasyon ng paaralan at mga magulang. Kinilala nila ang pasilidad bilang isang mahalagang pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan ng mga mag-aaral.

Bilang tugon, ipinangako ni CEO Serafin Celestino, Jr., BOD Chairperson Dr. Irma Cruz, at Coop-NATCCO Partylist Secretary General Carlito Dueñas ang patuloy na suporta sa pag-unlad ng komunidad.

# Mga magsasaka sa San Miguel, Cabanatuan sinanay sa Agro-Entrepreneurship at Good Agricultural Practices

**Sa pakikipagtulungan sa San Miguel Municipal Agriculture Office at Cabanatuan City Agriculture Office ay nagbigay ng pagsasanay ang St. Martin Coop tungkol sa Agro-Entrepreneurship at Good Agricultural Practice sa humigit kumulang 70 calamansi farmers ng mga naturang bayan.**

Ang mga pagsasanay na ito ay naglalayon na matulungan ang mga maliliit na magsasaka na madagdagan ang kanilang ani at mapaganda ang kanilang kita.

Isinagawa ito noong ika-4 ng Oktubre 2023 sa Town Multipurpose Hall sa San Miguel, Bulacan, at noong ika-15 ng Nobyembre 2023 sa Cabanatuan City Multipurpose Hall.





# SMTCDC, GenWATT, nagkasundo laban sa climate change

Nilagdaan ang isang kasunduan sa pagitan ng St. Martin Coop (SMTCDC) at GenWATT Energy Solutions Corp na naglalayon na maibsan ang masamang epekto ng Climate Change.

Sa ilalim ng Kasunduan, magiging eksklusibong provider ng solar energy systems ang GenWATT para sa Sunergy Loan ng St. Martin Coop. Ang bagong loan product na ito ay nagbibigay-daan sa mga miyembro ng St. Martin Coop na makapagpakabit ng malinis na pagkukunan ng enerhiya sa madaling paraan at murang halaga.

Naganap ito noong ika-4 ng Abril, 2023 na dinaluhan nina CEO Serafin Celestino, Jr. at COO Raymond Cardenas ng SMTCDC at CEO Wendell Tamayo at COO Conrado Generoso ng GenWATT. Tampok sa kaganapang ito ang pagsisikap ng SMTCDC at GenWATT na mabigyan tayo ng mas maayos at malinis na hinaharap.






# Paggawa ng detergent, itinuro sa Baliuag

**Ang paggawa ng Dishwashing Liquid, Fabric Conditioner, at Powder Detergent ang itinuro sa mga Members ng Baliuag Branch.**

Isinagawa ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative (SMTCDC), sa pakikipagtulungan sa Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), ang isang seminar sa paggawa ng Dishwashing Liquid, Fabric Conditioner, at Powder Detergent noong Setyembre 9, 2023.

Ang pagsasanay, na dinaluhan ng 37 na miyembro, ay naganap sa pasilidad ng SMTCDC Baliuag Branch na matatagpuan sa Plaridel St., Poblacion, Baliuag, Bulacan.

Layunin ng SMTCDC na magbigay ng mga oportunidad sa kanilang mga miyembro na magkaroon ng karagdagang kaalaman na maari nilang magamit upang mapalakas ang kanilang kabuhayan.

# Pagiging matulungin ng SMTCDC, napansin



Kinilala ang St. Martin Coop (SMTCDC) sa pagiging matulungin sa "Search for Outstanding Volunteers (SOV) 2023" noong Disyembre 15, 2023 na ginanap sa RDC 3 Conference Room, Neda Regional Office 3, Maimpis, City sa San Fernando, Pampanga.

Ang pagkilalang ito ay nagpapatunay ng dedikasyon ng Kooperatiba sa pagtulong na mapaangat ang antas ng pamumuhay ng mga mamamayan at makiisa sa mga gawain ng komunidad.

Naroroon upang tanggapin ang parangal bilang kinatawan ng SMTCDC sina Arnel Palon, Wilson Mariano, at Mary Ann Agustin.

# Pagsasanay sa siomai, dumplings, longganisa idinaos sa Bocaue, Orani

Nagsagawa ng pagsasanay ang St. Martin Coop at Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) tungkol sa paggawa ng siomai, dumplings, at longganisa para sa mga miyembro nito sa Bocaue at Orani.

Naganap ito sa St. Martin Coop Activity Center sa Bunlo, Bocaue, Bulacan noong Hulyo 22, 2023, na dinaluhan ng 42 mga miyembro.



Gayundin, noong Agosto 19, 2023, sa Orani Multipurpose Gym naman sa Orani, Bataan na nilahukan ng 40 na miyembro.

Sa pamamagitan ng mga ganitong gawain, nagkakaroon ang mga miyembro ng kooperatiba ng pagkakataon na matuto ng mga praktikal na kasanayan na maaaring magamit sa kanilang pang-araw-araw na buhay o pagnenegosyo.




# St. Martin Coop nakiisa sa World Cleanup Day




Nakiisa ang mga kawani at miyembro ng St. Martin Coop kasama ang Municipal Environment and Natural Resources Office (MENRO) ng Bocaue, kasama ang iba pang mga tao mula sa 180 bansa sa buong mundo, sa World Cleanup Day na ginawa noong Setyembre 16, 2023.

Ang World Cleanup Day ay isang taunang programa ng lipunan na nakatuon sa pagtugon sa pandaigdigang problema sa solid waste.

# Tulong sa mga nasalanta ng Bagyong Egay, ipinaabot



**Nag-abot ng tulong ang St. Martin Coop sa mga bayan sa Bulacan na lubos na naapektuhan ng Bagyong Egay noong ika-7 ng Agosto 2023.**

Ilang mga sako ng bigas at mga kahon ng sardinas ang ipinamahagi sa mga bayan ng Bocaue, Guiguinto, Bulacan, Balagtas, at Malolos.

Inaasahan ng St. Martin Coop na naging kasangkapan ang handog na ito tungo sa kanilang mabilis na pagbangon.

Hinihikayat ng St. Martin Coop na laging makibahagi ang mga miyembro sa mga gawaing pagkalinga sa kapwa.

Nagpasalamat sa mga kamay-ari sa patuloy na pagkakaisa at pagtutulungan sa panahon ng pangangailangan.



# Zumba Palooza, rumatsada

Kamakailan ay nagkaroon ng mga pa-Zumba ang St. Martin Coop sa mga sangay nito sa Baliuag, Muzon at Cabanatuan, na nilahukan ng mahigit sa 500 katao.

Ang mga ito ay ginanap noong Oktubre 28 sa Our Lady of Mt. Carmel College sa Baliuag noong Nobyembre 18 sa Sarmiento Homes Subdivision sa Muzon, at panghuli noong Nobyembre 24 sa Freedom Park sa Cabanatuan.

Maliban pagdadaos ng masasayang pagtitipon itinataguyod din ng mga ganitong gawain ang pagkakaroon ng malusog at masiglang mamamayan.

# St. Martin Coop, naghatid ng tulong-medikal sa Sta. Maria, Cabanatuan

**Nagsagawa ang St. Martin Coop ng Medical Mission sa mga sangay nito sa Sta. Maria, Bulacan at Cabanatuan City sa Nueva Ecija noong ika-25 ng Nobyembre 2023 at ika-20 ng Disyembre 2023, ayon sa pagkakasunod.**

Nagkaroon ng libreng Complete Blood Count, Urinalysis, Random Blood Sugar tests, at medical consultations ang 200 mula sa mga nasabing bayan.

Layunin ng mga gawaing ito na bigyang kahalagahan ang pangagalaga sa kalusugan, lalo na sa mga taong may limitado o walang kakayahan na gawin ito.



# SMTCDC, PNB mag-partner na

**Naging isang mahalagang okasyon ang paglagda ng Memorandum of Agreement (MOA) noong ika-7 ng Nobyembre, 2023, sa pagitan ng St. Martin Coop (SMTCDC) at ng Philippine National Bank (PNB).**

Ang huli ay maglalagay ng Automated Teller Machines (ATM) sa apat na sangay ng St. Martin Coop sa Poblacion at Bunlo sa Bocaue, San Miguel at Baliuag.

Layunin ng partnership na ito na mas maging abot-kamay ang mga serbisyong pinansyal para sa mga miyembro ng St. Martin Coop at sa komunidad na nasasakupan nito.

Dumalo sa okasyon sina CEO Serafin Celestino, Jr. at COO Raymond Cardenas ng SMTCDC, gayundin sina Area Head Arlene Morales, Division Head Melanie Mancenido, Sales Manager Mayla San Diego, at Balagtas Branch Head Gina Gaddi ng PNB.





# 2023 Sequential General Assembly Meetings, ginanap



Bahagi ng mga dumalo sa ginanap na 53rd General Assembly Meeting ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative sa Sto. Nino Academy noong Mayo 27, 2023.

**Naganap ang pagtatapos na programa para sa 2023 Sequential General Assembly Meetings noong Mayo 27, 2023.**

Nagsimula ang pagdiriwang sa isang banal na misa na pinangunahan ni Fr. Prince Lenrick Marcelo.

Nagbigay ng pambungad na pananalita si CEO Jonjon Celestino kung saan binanggit niya ang mahalagang kontribusyon ng mga kooperatiba sa buong mundo sa pagbibigay ng pagkakataon sa milyun-milyong tao na mapaganda ang kanilang kabuhayan.

Hinikayat niya ang mga miyembro ng SMTCDC na patuloy na mangarap at samasamang magpursigi gaya ng karaniwan na nilang ginagawa upang sa hinaharap ay maipagkaloob na ng SMTCDC ang bawat pangangailangan ng kanilang mga miyembro maging ito man ay pabahay, pangkalusugan, pagkain, kabuhayan, transportasyon, at pati na rin sa kanilang huling hantungan.

Ang mahalagang kaganapang ito ay dinaluhan nina Leilani Babista ng PCDC at CDA Region III Director Marieta Hwang, na syang namahala sa panunumpa ng mga bagong halal na opisyal.

Nagbigay ng maikling talumpati ang sikat na motivational speaker na si Lloyd Luna tungkol sa personal development at hinikayat niya ang mga dumalo na maging responsableng miyembro ng kooperatiba.

Puno ng palaro at papremyo ang naging programa na lalong ikinasiya ng mga miyembro. Sa pangkalahatan, ang 53rd General Assembly Meeting ng St. Martin Coop ay isang hindi malilimutang karanasan na nagbuklod ng libulibong miyembro sa isang araw na puno ng impormasyon, inspirasyon, saya, at pagsasalamat.




# SMTCDC nakibahagi sa Brigada Eskwela

**Ilang miyembro at empleyado ng St. Martin Coop ang nagsadya sa Bunsuran National High School noong ika-17 ng Agosto 2023, upang maging bahagi ng '2023 Brigada Eskwela'.**

Kasama ng mga guro, magulang, mag-aaral, at mga volunteers mula sa iba pang civic organizations, naglaan sila ng kanilang panahon at lakas upang matiyak na handa ang pampublikong paaralan para sa pagbubukas ng klase.

Nagbigay ang St. Martin Coop ng mga kagamitan sa paglilinis at nagpakain sa mga volunteers.

# BOD Outreach program sa Senior Citizens, isinagawa

**Sa pangunguna ng mga Board of Directors ng St. Martin Coop, isang nakakataba ng puso at makabuluhang outreach program ang isinagawa noong ika-9 ng Disyembre, 2023.**

Ang pagtitipong ito ay espesyal na inilaan para sa mga senior citizens na hindi miyembro ng Kooperatiba. Isang umaga na puno ng iba't-ibang aktibidad tulad ng Zumba, pagpipinta, at mga palaro ang nagbigay ng kasiyahan sa mga matatanda, na mga aktibong nakilahok at tumanggap ng mga premyo.

Masayang pinagsaluhan ang masarap na meryenda at tanghalian, at ang bawat isa ay tumanggap ng mga grocery package bilang mga regalo.

Sa pamamagitan ng ganitong gawain, patuloy na naipakikita ng Kooperatiba ang pagmamalasakit at pagmamahal sa kapwa.

# Blood Donation Drive sa Guimba, nilahukan ng St. Martin Coop

**Lumahok at naging blood donors ang ilang kamay-ari at empleyado ng St. Martin Coop Head Office at Guimba Branch sa Blood Donation Drive ng Guimba Municipal Health Office at Central Luzon Regional Blood Center noong Agosto 10, 2023.**




Bukod dito ay nagpamahagi din ang SMTCDC ng mga pagkain sa mga volunteers at nag-donate ng dugo.



SANDIWA ST. MARTIN COOP

SERAFIN M. CELESTINO, JR.
Chief Executive Officer

RAYMOND M. CARDENAS
Chief Operating Officer

MICHELLE V. HIPOLITO
Chief Human Resource and Administrative Officer

ANGELO H. LIBIRAN
Chief Membership Services and Marketing Officer

ALVIN NORIESTE
Chief Finance Officer

NENITA IGNACIO
Chief Accounts Management Officer

WENNIE SANTOS
Chief Branch Operations Officer

BOARD OF DIRECTORS

DR. IRMA E. CRUZ
Chairperson

HERMINDA Z. VALERIANO
Vice Chairperson

MARICOR DELA ROSA
Member

CYNTHIA NERISA Y. SANTOS
Member

ATTY. SOLEDAD DV. CABANGIS
Member

MA. LUISA SANCHEZ
Member

ERNESTO U. GUILLERMO, JR., LPT, MST
Member

FLORENTINA R. ESPINOLA
Member

Ang *Sandiwa* ay ang opisyal na pahayagan ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative.

Ito ay pinamamahalaan ng SMTCDC Education and Training Committee bilang pamamaraan upang ang mga kamay-ari ng St. Martin Coop ay mahatiran ng mga pinakahuling kaganapan, gawain, at pag-uulat tungkol sa SMTCDC.

Ang lahat ng mga sangay ng SMTCDC ay inaanyayahang magsumite ng kani-kanilang mga lathalain ng kanilang mga gawain o *activities.*

Makipag-ugnayan lamang sa SMTCDC Education and Training Committee na pinamumunuan ni Dir. Ernesto U. Guillermo, Jr., LPT, MST.




## Ang Sandiwa

Ang pagkakaroon ng ating kooperatiba ng isang opisyal na pahayagan sa pamamagitan ng ***Sandiwa*** ay isang napapanahong hakbang upang lalo pang maipabot sa mga kamay-ari nito ang mga gawain at mga programa ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative o St. Martin Coop.

Noon pa man, marami na ring mga naipalimbag na mga sipi, subalit hindi naging regular ang pagpapalimbag nito.

**Editoryal**

Itong taon na ito, pinagkasunduan ng Board of Directors na panahon na upang magkaroon ng regular at opisyal na pahayagan ang ating kooperatiba. Kaya, sinikap ng pamunuan na bumuo muli ng panibagong anyo ng ***Sandiwa***.

Bilang pagpapanibago, ang isyung ito ay naglalaman ng ilang mga kaganapan ng taong 2023 ng ating St. Martin Coop. Hindi man naisulat o naisama lahat ng mga ginagawa o nangyayari sa ating kooperatiba, bunsod na rin ng kakulangan ng mga manunulat, karamihan sa mga ito ay hango sa mga inilathala sa ating opisyal na Facebook Page ng St. Martin Coop.

Dahil sa kagustuhan natin na maraming maisama sa isyung ito, mga pinaikli lamang na mga artikulong pambalita ang ating mababasa.

Sisikapin ng SMTCDC Education and Training Committee na gawing regular ang paglimbag ng ***Sandiwa***. Maglalathala ng mga ilang kopya na ilalagak sa ating mga sangay at gagawin din itong digital na maaaring mai-download ng mga kamay-ari mula sa opisyal na website ng SMT Coop.

Layunin ng ***Sandiwa*** ang magsilbing tagapag-hatid ng mahahalaga at napapanahong impormasyon at mga balita sa ating mga kamay-ari. Lalagumin ng Sandiwa ang mga inilalathala sa opisyal na Facebook Page ng SMT Coop upang mapagsama-sama sila anyo ng isang pahayagan.

Sa pamamagitan nito, magsisilbi siyang tiga-dokumento ng mga pangyayari sa ating kooperatiba upang hindi makalimutan ang mga ito. **-EUGJr.**


























## St. Martin Coop, nag-tree planting sa San Miguel

**Sa pakikipagtulungan sa Municipal Environment and Natural Resources Office (MENRO) ng San Miguel, Bulacan, nagsagawa ang St. Martin Coop (SMTCDC) ng "tree planting activity" noong ika-21 ng Oktubre 2023.**

Ang mga volunteers mula sa SMTCDC at MENRO ay nagtanim ng 100 puno ng bakawan sa Banal na Bundok na matatagpuan sa Sitio Pangarayuman, Biak na Bato ng nasabi ding bayan.

Layunin ng gawaing ito na mapangalagaan ang mga kabundukan at maibsan ang masamang dulot ng climate change sa kapaligiran.

## Diskwento, hatid ng RHC Builders



Kamakailan lamang ay nabuo ang partnership sa pagitan ng St. Martin Coop (SMTCDC) at RHC Builders.

Ang RHC Builders na isang kilalang tindahan ng mga gamit sa bahay, furnitures, at appliances at may mga sangay sa Bocaue, Guiguinto, Malolos, San Jose Del Monte, Norzagaray, at Angat, ay magbibigay ng espesyal na diskwento para sa mga kasapi ng SMTCDC.

Ang paglagda ng Memorandum of Agreement (MOA) ay naganap noong Hunyo 29, 2023.

Dumalo sa kaganapan si BOD Chairperson Dr. Irma Cruz, CEO Jon Celestino, COO Raymond Cardenas, Membership Services and Marketing Officer Angelo Libiran, at Marketing Manager Allan Eugine Baiza, pati na rin ang Operations Manager ng RHC Builders na si Jude Gregorio, Bocaue Store Branch Manager na si Lady Ann Faustino, at Guiguinto Store Manager na si Mark Anthony Jao.

## SMTCDC, TESDA nagsanib-puwersa

**Sa pakikipagtulungan sa Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), matagumpay na nagsagawa ang St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative (SMTCDC) ng serye ng mga livelihood seminars.**

Isang pagsasanay tungkol sa Massage Therapy ang ginawa sa Cabanatuan City, Nueva Ecija noong Oktubre 7, 2023.

Kasunod nito, isang seminar naman sa Food Processing (Turmeric Powder, Chili Garlic, at Kimchi) ang isinagawa sa St. Martin Coop Activity Center sa Bunlo, Bocaue, Bulacan, noong Oktubre 28, 2023.

Ang mga seminar na ito na dinaluhan ng kabuuang 80 mga kalahok, ay nagbibigay ng oportunidad sa mga miyembro na mapalawak ang kanilang mga kakayahan at magkaroon ng karagdagang kita





